

**Kapag may isang tao na may pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19:
Mabilis na Gabay para sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager**

Agosto 10, 2020

Ang chart na ito ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH) para sa lokal na paggamit. Ipo-post ito sa <http://www.sfdcp.org/covidschoolschildcare>. Posibleng magbago ang gabay na ito.


AUDIENCE: Mga paaralan, mga programa sa childcare, at iba pang programang nagsisilbi sa mga grupo ng mga bata at teenager

Mga hakbang na dapat isagawa para sa mga sintomas ng COVID-19, malapit na contact, o kumpirmadong COVID-19

Sitwasyon	Pagkilos	Komunikasyon
<p>1 Ang bata o kawani ay may mga sintomas ng COVID-19</p>	<p>Pauwiin. Irekomenda ang pagpapasuri. Mananatiling BUKAS ang grupo.</p>	<p>Magbigay ng “Mga Pagsusuri sa Kalusugan sa COVID-19” ¹</p>
<p>2 Ang bata o kawani ay nagkaroon ng malapit na contact² sa isang taong may kumpirmadong COVID-19.</p>	<p>Pauwiin at magbigay ng mga tagubilin sa pag-quarantine sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng huling pagkakalantad. Irekomenda ang pagpapasuri (pero hindi nito papaikliin ang 14 na araw na pag-quarantine) Mananatiling BUKAS ang grupo.</p>	<p>Pag-isipan ang pag-abiso sa kawani at mga pamilya o bata sa grupo. Liham sa “Pangkalahatang Paunawa” (tingnan sa ibaba)</p>

¹ <https://www.sfdcp.org/covidSchoolsChildcare>

² Tinutukoy ang malapit na contact bilang tao na < 6 na talampakan mula sa may impeksyong tao sa loob ng > 15 minuto. Para sa mga grupo ng mga batang wala pang 12 taong gulang, itinuturing ng SFPDH ang lahat ng tauhan at bata na magkakasama sa isang grupo bilang mga malapit na contact. Para sa mga grupo anuman ang edad, kung ang mga tao ay gumugol ng oras nang magkasama indoors, posibleng kailangang ituring na nalantad ang buong grupo, klase, o iba pang grupo.



3

Ang bata o kawani ay may kumpirmadong impeksyon sa COVID-19

Abisuhan ang **Hub ng Paaralan/Childcare ng SFDPH**

(415) 554 2830,

Pindutin ang "1" para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang "6" para sa Mga Paaralan o mag-email sa Schools-childcaresites@sfdph.org

Manatili sa bahay nang may mga tagubilin sa pag-isolate sa bahay nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos maranasan ang unang mga sintomas. Tukuyin ang mga malapit na grupo², malamang na kasama ang buong grupo³ ng taong may COVID-19. Bigyan ng tagubilin ang mga malapit na contact na

- o Mag-quarantine sa bahay sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng huling petsa kung kailan nasa paaralan/programa ang taong may COVID-19 habang siya ay nakakahawa
- o Magpasuri, lalo na kung mayroon silang mga sintomas (pero hindi nito mapapaikli ang 14 na araw na pag-quarantine).

Linisin at i-disinfect ang mga espasyo kung saan nagtagal ang taong may COVID-19.

NAKASARADO ang grupo sa loob ng 14 araw pagkatapos ng huling pagkakatad.

Mananatiling bukas ang mga grupo na hindi nalantad.

Abisuhan ang kawani at mga pamilya ng mga bata na mga malapit na contact gamit ang template na "Paunawa sa Malapit na Contact" (tingnan sa ibaba)

Abisuhan ang lahat ng iba pang kawani at mga pamilya tungkol sa kaso ng COVID-19 gamit ang: template na "Pangkalahatang Paunawa sa Pagkakatad" (tingnan sa ibaba)

³ Ang isang grupo ay isang hindi nagbabagong grupo na may nakapirming grupo na nananatili nang magkakasama para sa lahat ng aktibidad (hal., tanghalian, recess, atbp.) at umiiwas sa contact sa ibang tao o grupo



Mga pamantayan para sa mga bata o teenager para bumalik sa paaralan, childcare, o iba pang programa pagkatapos ng mga sintomas ng COVID-19, malapit na contact, o kumpirmadong COVID-19

Sitwasyon

Ang bata ay may **negatibong pagsusuri pagkatapos ng mga sintomas** ng COVID-19

Bumalik kapag ang lahat ng sumusunod ay totoo:

- Bumuti na ang mga sintomas.
- Walang lagnat sa loob ng 24 na oras, nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat gaya ng acetaminophen (Tylenol), ibuprofen (Motrin, Advil), o naproxen (Aleve)

Dapat magpakita ang magulang/tagapangalaga ng dokumentasyon ng negatibong pagsusuri ng bata, halimbawa, ng kopya ng resulta o mensahe mula sa klinika o site ng pagsusuri na negatibo ang naturang pagsusuri. Puwedeng nasa electronic na anyo ito. Hindi kinakailangan ng hiwalay na tala ng doktor.

Nagkaroon ang bata ng **mga sintomas** ng COVID-19 at

- nagkaroon ng **positibong pagsusuri/kumpirmadong COVID-19, O KAYA**
- **hindi nasuri, O KAYA**
- nasuri pero **naghihintay pa rin para sa resulta ng pagsusuri (*)**

- Pagkalipas ng 10 araw mula noong magsimula ang mga sintomas
- Bumuti na ang mga sintomas.
- Walang lagnat sa loob ng 24 na oras, nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat gaya ng acetaminophen (Tylenol), ibuprofen (Motrin, Advil), o naproxen (Aleve)

Hindi kinakailangan ng doctor's note.

Ang bata ay nagkaroon ng **malapit na contact** sa isang taong may kumpirmadong COVID-19.

- 14 na araw pagkatapos ng huling malapit na contact, kahit ang bata ay nagkaroon ng negatibong pagsusuri sa panahong ito, o naghihintay pa rin ng resulta ng pagsusuri
- Hindi nagkaroon ng mga sintomas mula noong huling malapit na contact.

Kung ang bata ay may kasalukuyang malapit na contact sa taong may COVID-19 (halimbawa, isang magulang o tagapag-alaga), dapat mag-quarantine ang bata sa loob ng 14 na araw pagkatapos na maging hindi na nakakahawa ang taong may COVID-19. Sa karamihan ng mga kaso, ito ay kabuuan ng 24 na araw pagkatapos magkaroon ng mga sintomas ang taong may COVID-19, o kung asymptomatic, nagkaroon ng positibong pagsusuri.



Ang bata ay nagkaroon ng
**positibong pagsusuri pero hindi
nagkaroon ng mga sintomas**

- 10 araw pagkatapos makolekta ang kanilang positibong pagsusuri (hindi 10 araw pagkatapos matanggap ang resulta)

(*) Sa panahon ng mga kakulangan sa pagsusuri, ang mga resulta ng pagsusuri mula sa mga komersyal na laboratoryo ay posibleng tumagal nang mahigit sa 10 araw bago lumabas. Kung ang isang bata ay nakatanggap ng positibong resulta nang mahigit sa 10 araw pagkatapos makolekta ang pagsusuri, at pinayagan na siyang bumalik, puwede siyang manatili sa paaralan, childcare, o programa. Makipag-uganayn sa Hub ng Paaralan/Childcare ng SFDPH para sa gabay sa kung paano magpatuloy.


Mga exception: Doctor's Note o Clinic Note

Kung ang isang bata ay nagkaroon ng mga posibleng sintomas ng COVID-19 at may tala mula sa doktor o klinika na nagsasabing puwede na siyang bumalik, dapat tanggapin ng paaralan, childcare, o programa ang tala, kahit hindi nasuri ang bata. Puwedeng email, electronic na mensahe, o bahagi ng buod pagkatapos ng pagpapatingin ang nasabing tala. Hindi ito karaniwan.

Kung minsan, malinaw na iba ang dahilan ng mga sintomas ng isang bata, gaya ng strep throat o hand-foot-and-mouth disease. Sa mga ganitong sitwasyon, puwedeng i-clear ng provider ang isang bata para bumalik sa paaralan, childcare, o iba pang programa. Hindi ito nangangahulugang walang COVID-19 ang bata. Maraming batang may COVID-19 ang walang anumang sintomas. Ang ibig sabihin lang nito, nakakita ng partikular na sanhi, na iba pa sa COVID-19, para sa mga sintomas na naging dahilan para hindi makabalik ang bata sa programa.

Pagbalik ng Kawani sa Trabaho

Sumangguni sa *"Pag-alis sa Pagkaka-isolate o Pagbalik sa Trabaho para sa Mga Taong Kumpirmado o Pinaghihinalang May COVID-19 (Leaving Isolation or Returning to Work for Those Who Have Confirmed or Suspected COVID-19)"* sa <https://www.sfcddp.org/rtw>



TOOL SA PANGANGALAP NG IMPORMASYON NG SITE


Kapag Nagpositibo sa COVID-19 ang isang Tauhan o Mag-aaral

Layunin ng form na ito na mangalap ng impormasyon para tumulong sa pag-iwas o pagpapahupa ng pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan, childcare, at programa para sa mga bata at teenager. Kapag nalaman na ang isang tauhan, mag-aaral, o bisita ay nagpositibo para sa COVID-19:

1. Tumawag sa Hub ng Mga Paaralan at Childcare ng SFDPH sa **(415) 554-2830** -> Pindutin ang "1" para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang "6" para sa Mga Paaralan o mag-email sa Schools-childcaresites@sfdph.org. Ang form sa ibaba ay posibleng makatulong sa iyo na ayusin ang impormasyon BAGO tumawag sa Hub at humiling ng konsultasyon.
2. PAGKATAPOS kumonsulta sa Hub ng Mga Paaralan at Childcare ng SFDPH, posibleng hilingin sa iyo na tumulong sa pagtukoy ng mga malapit na contact. Tingnan ang template ng halimbawang liham sa ibaba.

*Kapag nagsasagawa ng mga panayam sa mga posibleng malapit na contact, at nagpapaliwanag na posibleng nalantad sila sa COVID 19, **huwag ibunyag ang pagkakakilanlan ng taong nagpositibo**, gaya ng ipinag-aatas ng Batas sa Mga American na may Kapansanan (Americans with Disabilities Act) at Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado sa Edukasyon ng Pamilya (Family Education Rights and Privacy Act, FERPA).*

Pangalan ng Taong Nagpositibo o Pinaghihinalang Kaso:		Petsa ng Kapanganakan:	
Ang tao ay isang: <input type="checkbox"/> Kawani <input type="checkbox"/> Mag-aaral <input type="checkbox"/> Contractor <input type="checkbox"/> Boluntaryo <input type="checkbox"/> Bisita			
Address		Numero ng Telepono:	
Tungkulin/Posisyon: (kung hindi mag-aaral)		Paaralan/Opisina/Departamento:	
Araw Kung Kailan Unang Lumabas ang Mga Sintomas:			
Uri ng Mga Sintomas: (lagyan ng check ang lahat ng naaangkop) <input type="checkbox"/> LAGYAN NG CHECK KUNG WALANG SINTOMAS			
<input type="checkbox"/> mas mataas ang lagnat sa 100 F/ 37.8 C	<input type="checkbox"/> pananakit ng ulo	<input type="checkbox"/> pagduruwal/pagsusuka	
<input type="checkbox"/> pag-ubo	<input type="checkbox"/> mga pananakit ng katawan	<input type="checkbox"/> pagtatae	
<input type="checkbox"/> pananakit ng lalamunan	<input type="checkbox"/> labis na pagkapagod	<input type="checkbox"/> matinding sipon	
<input type="checkbox"/> pangangapos ng hininga	<input type="checkbox"/> pagkawala ng pang-amoy o panlasa	<input type="checkbox"/> pagbabara ng ilong	
<input type="checkbox"/> mga pangiginig	<input type="checkbox"/> Iba pa:		
Huling Araw sa Paaralan/Trabaho:			
Lokasyon sa Lungsod ng Pagsusuri sa COVID-19?	Petsa ng pagsusuri para sa COVID-19?	Mga Resulta ng Pagsusuri sa COVID-19: _ Positibo _ Negatibo _ Nakabinbin/Pinaghihinalaan	
Taong Nagsagot sa Form/Posisyon na ito:		Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan (telepono/email):	Petsa:



HALIMBAWANG LIHAM SA PAUNAWA SA MALAPIT NA CONTACT

Ipadala sa kawani at mga pamilya ng mga batang malapit na contact sa kasong positib sa COVID-19

Petsa:

Mga minamahal na magulang, tagapag-alaga, at kawani ng klase na _____,

Natanggap ninyo ang liham na ito para abisuhan kayo tungkol sa aming mga rekomendasyon hinggil sa kamakailang pagkakalantad inyo o ng inyong anak sa isang indibidwal na na-diagnose na may COVID-19. Nabanggit namin ang mga rekomendasyong ito sa inyo noong **date**.

Simula ngayon, kayo (o ang inyong anak) ay dapat manatili sa bahay (nang malayo sa paaralan, trabaho, at malayo sa ibang tao). Posible itong tumagal nang hanggang 14 na araw.

Manatili sa bahay kahit kayo o ang inyong anak ay walang sakit. Kung kailangan ninyong umalis sa panahong ito, magsuot ng mask.

Kung kayo o ang inyong anak ay magkakaroon ng lagnat, ubo, o pangangapos ng hininga kayo ay dapat:

- Magpatuloy na manatili sa bahay at wala sa trabaho o paaralan, at nang malayo sa ibang tao.
- Makipag-ugnayan sa Unit sa Pagkontrol ng Nakakahawang Sakit ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, Communicable Disease Control Unit) sa 415-554-2830.
- **Kung kayo o ang inyong anak ay kailangang pumunta sa isang ospital o klinika, tumawag sa ospital o klinika BAGO ka dumating para makatulong na makaiwas sa pagkalat ng karamdaman. Magsuot ng mask para makaiwas sa pagkalat ng karamdaman.**


Lubos naming inirerekomenda ang pagpapasuri ninyo o ng inyong anak para sa COVID-19. Matutulungan namin kayong magpaikedyul dito.

Pakiabisuhan **kaagad** ang site kung magpopositibo ang iyong anak. Gayunpaman, anumang ang mga resulta ng pagsusuri, kayo (o ang inyong anak) **ay hindi puwedeng pumunta sa ibang day care, paaralan, camp, o programa** hanggang sa lumipas ang 14 na araw mula sa huling araw na nasa site ang inyong anak.

Ang abisong ito ay ibinigay sa inyong employer o paaralan para sa pagpapatunay ng aming rekomendasyon para sa inyo o inyong anak para manatili sa bahay nang malayo sa trabaho o paaralan.

Umiikot sa ating komunidad ang virus. May impormasyon sa website kung ano ang magagawa ng lahat ng lugar ng trabaho, negosyo, at paaralan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at mapanatili ang ating komunidad na malusog. Pumunta sa: <https://www.sfcddcp.org/infectious-diseases-a-to-z/coronavirus-2019-novel-coronavirus/>
Communicable Disease Control and Prevention Unit
San Francisco Department of Public Health

Taos-puso,
Site ng Childcare/Site ng Pampamilyang Childcare



HALIMBAWANG PANGKALAHATANG LIHAM SA PAUNAWA SA PAGKAKALANTAD

**Ipadala sa lahat ng iba pang kawani at mga pamilya tungkol sa kaso ng COVID-19
(na hindi mga malapit ng contact)**

Petsa, 2020

Minamahal na Mga Magulang/Tagapag-alaga at Kawani ng [XXX School/Classroom]:

Gusto naming manatiling ligtas ang mga mag-aaral at kawani. Ang isang mag-aaral o kawani sa klase ng inyong anak ay [nakatira kasama ang/naging malapit na contact ng] isang taong nagpositibo para sa COVID-19. Ang mag-aaral o miyembro ng kawani na iyon ay dapat manatili sa bahay hanggang sa maging ligtas na para sa kanyang pagbalik sa paaralan.

Nakikipagtulungan sa aminang San Francisco Department of Public Health para mapanatiling ligtas ang paaralan. Mananatiling bukas ang silid-aralan ng inyong anak. **Kayo o ang inyong anak ay puwede pa ring pumasok sa paaralan.**

Aabisuhan namin kayo kung may anumang pagbabago. Mangyaring patuloy na suriin ang inyong anak para sa mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon siyang sakit. Mangyaring makipag-ugnayan sa provider sa pangangalagang pangkalusugan para sa anumang iba pang tanong.

Salamat sa pagtulong na panatilihing ligtas ang ating paaralan at komunidad.

Taos-puso,

Site ng Childcare/Site ng Pampamilyang Childcare